## Lungsod ng Higashiosaka

# Plasa ng Impormasyon para sa Pagsasamahan ng Iba’t Ibang Kultura

Nagbibigay ng impormasyon at nagsasagawa ng konsultasyon sa iba’t ibang wika para sa mga dayuhang residente upang madali nilang marating ang lugar ng konsultasyon at matamo ang naaangkop na impormasyong kinakailangan sa pamumuhay tulad ng mga palakad sa paninirahan,
empleyo, paggamot, kagalingan (welfare), panganganak/pagpapalaki ng anak/ edukasyon ng anak, at iba pa.

**Tumutugon sa 11 wika!**

## Plasa ng Impormasyon para sa Pagsasamahan ng Iba’t Ibang Kultura ng Lungsod ng Higashiosaka


◆Oras na bukas Lunes hanggang Biyernes 9:00 am – 5:30 pm

◆1-1-1 Aramoto-kita, Higashiosaka-shi
16F Higashiosaka City Hall Main Building

◆Email bunkoku.plaza@city.higashiosaka.lg.jp

◆Telepono 06-4309-3311 Fax 06-4309-3823

# May problema ba kayo?



- Gustong pumunta para sa palakad sacity hall, pero hindi nakakaintindi ng wikang Hapon.
- Hindi mabasa ang sulat mula sa city hall.
- Gustong pumunta sa klase ng wikang Hapon, pero hindi alam kung saan mayroon.



- Paano ang palakad kapag magpapakasal?
- Ano-ano ang mga papeles na kailangan para sa palakad ng pag-renew ng visa?

## Makipagkonsulta lamang po sa “Plasa ng Impormasyon para sa Pagsasamahan ng Iba’t Ibang Kultura” sa ganitong pagkakataon.

Isasalin ang pakikipag-usap ninyo sa tauhan ng city hall. Kung hindi ninyo naiintindihan ang wikang Hapon sa mga palakad at nag-aalala kayo, magtungo lamang sa Plasa ng Impormasyon para sa Pagsasamahan ng Iba’t Ibang Kultura sa 16th floor ng city hall main building.
Maaari ring magsalin sa telepono gamit ang trio-phone (telepono para sa pag-uusap ng 3 partido), kaya’t tumawag lamang sa Plasa ng Impormasyon para sa Pagsasamahan ng Iba’t Ibang Kultura.

## Pagtugon ng tauhan



◆Mga wika: Ingles, Koreano, Intsik, wikang Hapon

◆Araw at oras: Lunes hanggang Biyernes 9:00 am – 5:30 pm

◆Wika: Vietnamese

◆Araw at oras: Tuwing Martes at Biyernes 10:00 am hanggang 5:30 pm

## Pagtugon gamit ang aparatong nagsasalin sa iba’t ibang wika



◆Mga wika: Tagalog, Indonesian, Thai, Portuguese, Nepali, Kastila

◆Araw at oras: Lunes hanggang Biyernes 9:00 am – 5:30 pm